**Setyembre 19, 2024**
Mahalagang paunawa mula sa Departamento ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services) tungkol sa:

# D-2024-Reporma sa Singil (Rate)-001:
## Pagpapatupad ng Panghuling Yugto ng Reporma sa Singil (Rate)

## Ano ang Dapat Malaman

Ang susunod na yugto sa proseso ng reporma sa singil ay magkakabisa sa Enero 1, 2025. Ang mga singil lang para sa ilang serbisyo ang magbabago. Hindi lahat ng serbisyo para sa mga taong may kapansanan sa intelektwal at pag-unlad ay kasama sa reporma sa singil. Ang pangkalahatang layunin ng reporma sa singil ay pahusayin ang kalidad ng serbisyo, pag-access, at transparensiya para sa mga indibidwal na pinaglilingkuran ng mga sentrong pangrehiyon. Ang direktiba na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya ng susunod na yugto ng pagpapatupad ng reporma sa singil.

**Kasaysayan:** Nagsimula ang reporma sa singil sa buong-estadong pag-aaral sa singil noong 2019. Gumagamit ang pag-aaral ng singil ng mga modelo ng singil upang matukoy ang mga gastos at mga singil ng pagsasauli ng nagugol (reimbursement) para sa mga tagapagbigay. Ang mga pangunahing elemento ng reporma sa singil batay sa pag-aaral na ito ay kinabibilangan ng:

- Mga pagbabago sa singil ng phase-in (mga update)
- Isang Programang Insentibo sa Kalidad (Quality Incentive Program o QIP) na nagbibigay gantimpala sa mga tagapagbigay na gumagawa ng ilang partikular na bagay upang pagandahin ang kanilang mga serbisyo.
- Isang probisyon na "hindi nakakapinsala" para sa ilang tagapagbigay na may mga singil na mas mataas kaysa sa mga bagong modelo ng singil. Ang probisyong ito ay may bisa hanggang Hunyo 30, 2026.
- Magbibigay ang Departamento ng higit pang mga direktiba at webinar tungkol sa reporma sa singil sa seksyon ng Reporma sa Singil ng website ng DDS.

## Ano ang Magbabago

Ang mga indibidwal na nakakakuha ng mga serbisyo ay hindi dapat makakita ng anumang mga pagbabago sa kung paano inihahatid ang kanilang mga serbisyo. Hindi rin dapat baguhin ng reporma sa singil kung kailan at saan inihahatid ang mga serbisyo. Ilang mga Plano sa Personal at Pamilya (Personal at Family Service Plan) at mga Plano sa Indibidwal (Individual Plan) ang mangangailangan ng mga pagsasapanahon (updates) sa mga pahintulot, ngunit ang mga serbisyo ay dapat manatiling pareho.

Depende sa partikular na uri ng serbisyo, maaaring kailanganin ng mga tagapagbigay na baguhin ang ilang bahagi ng kanilang programa, mga kinakailangan sa pagsasanay, o mga subcode ng serbisyo. Gagawin ito ng mga pagbabagong ito upang tumugma ang mga serbisyong ibinigay sa mga bagong paglalarawan ng serbisyo na bahagi ng reporma sa singil.

Sa Enero 1, 2025, iaakma ang mga singil sa 90 porsyento ng modelo ng singil. Makakakuha din ang mga tagapagbigay ng serbisyo (service provider) ng kalidad na bahagi ng insentibo ng singil na hanggang sampung porsyento ng bagong modelo ng singil sa pamamagitan ng Progamang Insentibo sa Kalidad at ang Direktoryo ng Tagapagbigay.

## Mga tanong?

Ang mga tagapagbigay, indibidwal, at/o kanilang mga pamilya ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang sentrong pangrehiyon para sa anumang mga katanungan tungkol sa reporma sa singil.

Ang mga tanong mula sa mga sentrong pangrehiyon ay dapat idirekta sa ratesquestions@dds.ca.gov.

## Matuto pa

Ang Kagawaran ay patuloy na nag-iskedyul ng mga webinar upang ipaliwanag ang iba't ibang pagbabago sa reporma sa singil. Ang mga pag-rekord ng mga webinar na ito ay nai-post sa webpage ng Reporma sa Singil ng Kagawaran.

Maaari kang magpatala upang makatanggap ng mga regular na update sa email tungkol sa reporma sa singi, kabilang ang QIP, dito.

DDS Department of Developmental Services